



MGA GINGAWA NATING PAGPILI

Liksyon 2 para sa ika-13 ng Abril, 2019

INTRO: Pagbati, Kamusta?

Marami ka bang maling pagpili dati? Magbigay ng halimbawa. Ang hindi pagsisi sa mga malalaking desisyon na nagawa natin ay isang hangarin natin sa buhay. Naniniwala ako na ang Biblia ay makakatulong na maabot natin ang hangarin na mapili natin ang tama sa buhay. Pag-aralan natin ang paksang ito.

A PAANO PUMILI

❖ Malayang pagpili.

- Ang Biblia ay nagpapahayag na tayo ay ginawa ng Dios na may malayang kalooban. Iyon ay, malaya tayong makakapagpili, at hinihimok tayo na pumili tayo ng tama. (Galacia 5:13; Deut. 30:19).
- [Bakit kaya tayo ginawa ng Dios na may malayang pagpili? Hindi ba mapanganib ito na experimento?](#)
- [Ano ang pinakamahalagang pagpili ang maaari nating gawin?](#) (Juan 3:16; Josue 24:15).

❖ Pagpili ng tama.

- [Ayon sa Biblia, paano tayo makakapipili ng tama?](#)
 - (1) Manalangin bago pumili (1 Tesalonica 5:17; Santiago 1:5)
 - (2) Maging handang sumunod as Dios (Isaias 1:19; Mateo 7:24-25)
 - (3) Pag-aralan ang Biblia (Awit 119:105; 2 Timoteo 3:16)
 - (4) Magtiwala sa Dios (Kawikaan 3:5-6; Isaias 58:11)
 - (5) Humanap ng matalinong mga tagapayo (Kawikaan 15:22; 24:6)
- [Bakit mahalagang batayan ang Biblia sa pagpili natin ng tama?](#) (Awit 19:105; 2 Timoteo 3:16)

B ANONG DAPAT PILIIN

❖ Pagpili ng mga kaibigan.

- Ang kaibigang pinipili natin ay maaaring magdala sa atin tungo sa tama o maling landas.
- Ang mabuting kaibigan “ay nagmamahal sa lahat ng oras” at isang kapatid “sa oras ng kagipitan” (Kawikaan 17:17).
- [Paano ka naiimpluwensyahan ng iyong mga kaibigan?](#)

- [Ano ang maipapayo mo doon sa iba na naiimpluwensyahan ng masamang kaibigan o nagiging masamang impluwensya sa iba?](#)

❖ Pagpili ng asawa.

- Ang pinakamainam na paraan upang makapili ng tama ay humiling sa Dios ng gabay (Genesis 24:7).
- May magandang payo sa kwento nina Isaac at Rebeka: humanap ng Kristyanong kapares (Genesis 24:3-4).
- Kung gusto natin ng matagumpay na pag-aasawa, dapat simulan natin sa pagiging tama natin mismo (Awit 37:27; 119:97; 1Cor. 15:33; San. 1:23-25). Pakitunguhan natin ang ating asawa kung paano natin gustong pakitunguhan tayo (Mateo 7:12).
- [Paano mo nakita ang paggabay ng Dios sa iyo o sa mahal mo, sa pagpili ng katuwang sa buhay?](#)

❖ Pagpili ng kurso.

- Malibang gumagawa sa bahay ng buong panahon upang asikasuhin ang bahay at pamilya (ang pinakadakila sa lahat ng trabaho), Maraming tao ang gumagawa ng anumang bagay makapaghanapbuhay lamang..
- Ang unang hakbang ay pumili ng pag-aaral para sa gusto mong trabaho hangga’t maaari. Bawat pagpili ay dapat sumunod sa ikalawang prinsipyo: “anoman ang inyong ginagawa, gawin ninyo ang lahat sa ikaluluwalhati ng Dios.” (1 Corinto 10:31).
- Sa kabilang banda, hindi dapat maging sentro ng ating buhay ang trabaho (tingnan ang Ecclesiastes 2:1-11). Alalahanin na “ang pagibig sa salapi ay ugat ng lahat ng uri ng kasamaan” (1Tim. 6:10).

PASYA: Kaibigan, gusto mo ba ng “matibay na bahay”? Gusto mo ba na mabuhay ng walang pinagsisisihan sa mga naging desisyon mo? Bakit hindi ka magpasya ngayon na mamuhay sang-ayon sa aral ng Biblia, at sikaping paluguran ang Dios?

Next week: [Paghahanda sa Pagbabago](#)